



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Paano Salubungin ang Ramadan?



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Ang Ramadan ay isang mabiyayang buwan. Dito naibaba ang Qur'an at ang mga aklat na para sa mga Mensahero at Propeta. Sa Islam, hinihikayat ang bawat isa na salubungin at tapusin ito ng mabuti. Dito nabibigyan ng halaga ang pagiging makatao. Sa buwan na ito ay ang pagkakataong makangalap ng mga gantimpala. Ang pagsalubong nito ay sinasamahan ng habag at dalisay na puso. Kabilang din ang paghahandang espiritwal, actual, at damdamin. Nararapat lamang na paghandaan ito dahil sa mataas na katayuan nito. Ang Allah ay nagbanggit ng mga kainaman Ramadan, nang sa gayo'y samantalain ang mga araw at gabi nito sa pamamagitan ng mga gawaing magpapalapit sa Allah. Tulad ng pagbabasa ng Qur'an, pagninilay-nilay sa nilalaman nito, at pagkuha ng mga aral dito bilang pamantayan ng buhay. Ito ay naibaba bilang gabay sa sangkatauhan. Ang Allah ay nagsabi: [\(sa buwan ng Ramadan naibaba ang Qur'an bilang gabay sa sangkatauhan\)](#).¹ Upang makamit nila ang tunay na kaligayahan. Ito ay matatagpuan sa [\(gabing mabiyaya\)](#)² ang laylatul qadr.³

Sa buwan ng Ramadan na kung saan mas mainam pa sa ibang panahon para mamuhunan, bilang pagsunod sa talambuhay ng Propeta SAWS ay nararapat na salubungin natin ito ng maigi lalunglalo na sa huling sampung araw ng Ramadan,⁴ gamit ang Pagsamba, mga iba't ibang uri ng pagsunod sa Allah at pagsisikap⁵. Nararapat na sa buwan na ito ay pahalagahan ang oras para magsagawa ng mabubuting gawain, mula sa pagsilip sa buwan, hanggang sa pag-aayuno, pag-iiftar, pagpapakain, pagsasagawa ng pagdarasal at taraweeh, pagsusuhur, at pagbuhay sa gabi gamit ang mga pagsamba para makamit ang doble-dobleng gantimpala at biyaya.

Isa sa maagang paggagayak para sa buwan ng Ramadan ay ang paghahanda ng sarili para linisin ang intension. Paghanda ng mga hangaring makatao na sasalamin sa pagkakaroon ng habag at kapatawaran sa pamilya at lipunan. Kasama sa paghahanda ay ang pag-uunahan sa kabutihan. Sinabi ng Allah [\(at doon ay nararapat na sila ay mag-uunahan, ang silang mga nagpapaligsahan –sa paggawa ng mabuti- \)](#).⁶ Ito ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pagkakaisa, magandang relasyon sa lipunan, pagsasalusalo, mga gawaing magpapalakas ng samahan, pagpapakain, pagbibigay ng kawang-gawa, pagbibigay ng zakatul fitr, at boluntaryong gawain na nagkakaisa ang bawat tao [\(kung sino man ang nagbigay ng boluntaryong mabuting gawain, ito ay mainam para sa kanya\)](#).⁷ sinabi rin ng Allah [\(yaon ang silang mga nag-uunahan sa paggawa ng kabutihan, at sila ay nauna\)](#).⁸

Ang pagsalubong ng maayos sa mabiyayang buwan ng Ramadan ay bubuhay sa taqwa (takot at kamalayan sa Allah) ng isang tao. Ito rin ay tutulong sa kanya na makagawa ng makadiyos at makataong gawain na tutulong sa bawat isa, pamilya, sa trabaho, at lipunan. Ito ay para maging matibay siya sa mga panahong matitira pagkatapos ng dakilang buwan.

¹ سورة البقرة، الآية 185

² سورة الدخان، الآية: 3

³ سورة القدر، الآيات: 1-3

⁴ صحيح مسلم - كان رسول الله صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يجتهد في العشر الأواخر، مالا يجتهد في غيره

⁵ صحيح بخاري - كان النبي صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ إذا دخل العشر شدَّ منزراً، وأحيا ليلة، وأيقظ أهله

⁶ سورة المطففين، الآية: 26.

⁷ سورة البقرة، الآية: 184

⁸ سورة المؤمنون، الآية: 61

Ang pagpapalakas ng pananampalataya at pagpapapa-unlad ng sarili sa Ramadan ay magreereluta ng magandang kontribusyon ng bawat isa, gawain man o moral na tulong. Dito rin ay magkakaroon ng simpatya ang bawat isa sa kanyang kapwa. Ito ay magdadala sa pagsulong at pag-unlad ng lipunan tulad ng sinabi ng Allah (Gumawa kayo ng kabutihan nang sa gayo'y kayo'y magtagumpay)⁹

⁹ سورة الحج، الآية: 77